FORM & CONTENT: *SANDATA* SA PANAHON NG DISIMPORMASYON AT WAR ON DRUGS

I.

*At 11 a.m. [redacted], 41, was killed in a police operation. Police said he fought back, but witnesses already saw him in handcuffs before he was killed at [redacted], Caloocan City. Cuff marks were evident on both wrists.*

*-Secret report, June 26, 2017*

*Page 4 of 22*

"Sinusundan ba tayo?" tanong ni Allen. Balisa kaming napalingon. Nakasakay kami sa van pauwi sa tinutuluyang Airbnb sa Itogon, Benguet. Kagagaling namin sa talk sa UP Baguio tungkol sa disimpormasyon, War on Drugs, at ang paggamit ng sining at data bilang mga sandata ng ating henerasyon.

Madilim at masikip ang kalsadang dinaanan namin. Nakayakap ito sa gilid ng bundok. Kilalang mining town sa Benguet ang Itogon. Ginto raw ang nakabaon sa ilalim ng bundok, purong mga oro. Noong panahong iyon, madulas ang kalsada dahil kadaraan lang ng bagyong Ompong. Nagkaroon ng malubhang landslide na pumatay ng mahigit 94 na tao, kaya rin hindi pa bukas ang lahat ng kalsada. Noong nandoon kami, hindi pa raw tapos ang rescue operations.

Sa perpektong mundo, walang dahilan mabahala sakaling sinusundan man ang sasakyan namin o hindi. Wala kaming ginagawang masama. Tatlo sa amin ay data researchers at ang tatlo pa ay artist. Hindi kami mayaman at walang may

makapangyarihang apelyido. Pero hindi perpekto ang mundo, at malalim ang bangin sa gilid ng kalsada. Bihira ang streetlight dito habang maliwanag ang headlights ng kotseng sumusunod sa amin.

Pagkarating sa bahay na tinutuluyan, kaswal kaming bumaba ng kotse at pumasok ng bahay. Tumambay muna ako saglit sa balkonahe para manigarilyo. Pinanood kong pumarada sa kabilang kanto ang owner jeep na sumusunod sa amin. Bumaba ang apat na lalaki mula sa jeep, walang habas na pinanood din kami. Dalawa sa kanila ay nakasuot ng camouflage na jacket habang ang isa ay may kausap sa cellphone. Nanigarilyo rin sila sa kalsada, pinapanood kaming pinapanood sila.

Di nagtagal, isa-isang naglakad pababa ng kalsada ang mga lalaki. Iniwan nila ang kotse na nakaparada at naglakad paalis. Bakit nila gagawin iyon? “Baka mga minero,” sabi ni Jayme, hindi rin sigurado.

Pumasok kami sa bahay at ikinandado ang pinto. Isinara ang mga bintana at kurtina. Kung masasamang-loob man ang mga lalaki sa labas at lulusubin nila kami sa kalaliman ng gabi, wala rin kaming laban. Aasa na lang na sapat na ang mga nagawa para hindi tuluyang mabaon ng kasaysayan.

II.

*We didn’t start the fire*

*It was always burning*

*since the world’s been turning*

*We didn’t start the fire*

*No, we didn't light it*

*But we tried to fight it*

*--Billy Joel, 1989*

Noong 2016, nakakalat kami sa iba't ibang sulok ng mundo. Nananahimik. May kanya-kanyang kinaabalahan kung hindi lang inilunsad ni Pangulong Duterte ang Oplan Tokhang at nagsimula ang gabi-gabing patayan sa mga kalsada ng Metro Manila.

Nasa Inglatera noon si Abbey, nakahiga sa sahig ng kanyang flat, napapaligiran ng papel, at nababaliw. Pinag-aaralan niya sa kanyang Master's thesis ang relasyon ng mga biktima ng Drug War sa listahan ng mga beneficiaries ng Conditional Cash Transfer (CCT) program. Ang CCT ay programa ng gobyerno na nagbibigay ng pinansyal na tulong sa 40% na pinakamahirap na mga Pilipino. Kumbinsido si Abbey na kung mapapalalim ang kanyang pananaliksik, kayang patunayan ng data na ang War on Drugs ay giyera laban sa mahihirap. Suspetya rin niya na baka ginagamit ng mga berdugo ang database ng CCT para matunton ang address ng mga biktima.

Nasa Mindanao naman si Ica, nakikipag-meeting sa mga kuwartong tadtad ng bala ng baril. Nagtatrabaho siya noon sa isang development organization na tumutulong sa Peace Process sa pagitan ng Bangsamoro at iba't ibang mga armadong grupo ng rehiyong iyon. Hindi pa matapos-tapos ang trabaho doon, nagsimula na ang patayan sa Metro Manila.

Development work ang background ng dalawa, at nakapagtrabaho na sila sa gobyerno at sa mga non-government organizations. Nagkasundo silang ipagpatuloy ang research sa Drug War at gamitin ang makakalap na data sa pagmungkahi at paghulma ng mga susunod na polisiya ng pamahalaan.

Tinitingnan nila bilang humanitarian crisis ang Drug War— kahanay ng Marawi Siege na may mahigit-kumulang na 1,000 taong napatay, at Bagyong Yolanda na pumatay ng mahigit 6,300 na tao. Mula July 2016 hanggang June 2018, tinatayang 27,000 na Pilipino na ang pinatay sa Drug War sa Metro Manila. Tantsa rin ng mga researcher na mararamdaman ng bansa ang malawak na ripple effect nito sa ekonomiya, polisiya, sikolohiya, at dynamics ng mga komunidad sa susunod pang ilang dekada.

Habang nananaliksik ang dalawa, sumabay ang pag-angat ng celebrity blogger at Duterte supporter na si Mocha Uson bilang assistant secretary ng Presidential Communications Operations Office. Isa si Mocha sa maimpluwensyang mga personalidad sa internet na nasa unahan ng makinarya ng disimpormasyon.
Mala-lason pala ang kasinungalingan. Kahit isang patak lang ang ilagay sa balon, buong bayan ang apektado. Sa loob ng ilang buwan, nasira nila ang kredibilidad ng maraming propesyunal na pahayagan. Kahit gaano kasinsin ng research, nawawalan ito ng pangil kapag nabansagan itong fake news at ang mga tagapamahagi nito bilang *Dilawan*.

Ito marahil ang dahilan kung bakit ako nilapitan ni Abbey at Ica. Bilang manunulat ng piksyon at mga script sa teatro at pelikula, hindi banta sa akin ang mabansagang sinungaling. Ito pa nga ang *bread and butter* ko. Ang hamon sa mga artista ng

malagim na panahon ay kung paano makapagsasabi ng totoo sa malikhaing paraan. Kapag kaharap ang buong bagsik ng pasismong estado, unang nahihilera sa pader ang mga journalist na nagsasabi ng totoo. Pangalawa lang ang mga manunulat ng piksyon.

Palagay ng researchers na sining ang mabisang panabla sa sistematikong disimpormasyon. Kapag sinabing hindi makatotohanan ang isang akdang-sining, pwede pa rin itong lumusot dahil sa creative license. Likas din na kaakit-akit ang sining kaya pwede itong *click-bait* at makarating sa maraming audience. At dahil nakatuon ang kalakhan ng kanilang research sa quantitative factors, hindi maiwasan na nagiging statistic lang ng pag-aaral ang bawat biktima ng Drug War. Sa sining, maaaring mabigyan ng hustisya ang mga indibidwal na kuwento nila.

Sang-ayon ako sa kanila, pero hindi ako kumbinsido na literatura ang solusyon. Bihira na ang nagbabasa ngayon, at maliit pa rin ang naaabot na audience ng teatro. Limitado ito sa kung sino ang may kakayahang makabili ng ticket at may panahong manood. Lalong mahirap sa pelikula, dahil nakakadena pa rin ang industriya sa kapital. Ang kailangan natin, sabi ko, ay makabago at popular na porma ng sining na may malawak na tagapakinig.

Sinama ko sa sabwatan namin ang rapper na si Allen, aka BLKD, na dati nang kakilala at nakakasama sa mga rally. Matunog ang pangalan niya sa underground Pinoy hiphop dahil sa pagsali niya sa Fliptop rap battles. Kilala rin si BLKD bilang progresibo at *woke* na rapper.

Pumayag si Allen sa plano at dinamay din si Jayme, aka Calix, na sumikat sa internet bilang anonymous na rapper na galit sa mundo. Nanggagalaiti ang mga kanta ni Calix laban sa mga Binay ng Makati, sa mababang sahod ng mga manggagawa, at sa hungkag na mga buhay nating di kailanman mapunan ng Burger McDo. Kung si BLKD ang boses ng aral na aktibisang nahasa sa pagma-mass lead sa lansangan, si Calix ang boses ng karaniwang mamamayan na galit at sawa na sa araw-araw na pagdurusa.

Musikang hiphop ang naisip naming mabisang porma para maipakalat ang mensahe. Dahil sa teknolohiya, madali nang makagawa ng sariling mga kanta. Nagagawa ni Jayme ang mga beat sa kanyang computer. Narerekord nila ni Allen ang mga kanta sa sariling mga kuwarto basta may mic at tamang software. Hindi kailangan aprubahan ng kahit sino ang musika. Hindi kailangan ng radio play. Basta mai-upload ito sa internet, makararating ito sa libong mga tenga, kahit saang lupalop pa ng mundo.

Hiphop din ang musika ng maraming kabataan sa lunsod, lalo na sa mga urban poor na komunidad. Basta't kayang humabi ng salita, may diwa ng metro at tugma, at may kuwentong nais ibahagi, pwede nang sumabak sa bagsakan. Kaya hindi katakataka na rap song ang ginawa ng barkada ni Kian delos Santos, 17-year old na biktima ng Drug War, para ipagluksa ang kaibigan.

Huling miyembro ng grupo si Tanya, na development worker din at may background sa social sector. Sumama siya sa grupo sa kabila ng kanyang day job bilang consultant sa mga proyekto ng mga non-government organization. Si Tanya ang

balanse ng grupo, laging handang bigyan ng saysay ang sala-salabit naming mga schedule at deadline ng trabaho. Bago pa mahalal bilang pangulo si Duterte, binaril ng riding-in-tandem ang tatay ni Tanya, pero nakaligtas ito. Hindi lubos maisip ni Tanya kung ano ang kalalabasan kung sa panahon ng Drug War ito nangyari.

Ubos-oras ang trabahong ito. Nakasasaid ng lakas. Pangkaraniwan nang dumalo kami sa meeting na wala pang tulog o may kanya-kanyang bitbit na sakit. Wala namang nagbabayad sa amin, at walang nag-uutos na gawin ito. Ang alam lang namin ay kailangan kumilos. Passion project, ika nga. “Para sa bayan.”

Layunin ng grupo na bumabad sa mga komunidad at manaliksik tungkol sa pagpapatakbo ng Drug War. Ang makakalap na data ang magsisilbing pundasyon at source material ng mga gagawing akdang-sining, partikular sa musikang hiphop. Ito ang praxis ng kolaborasyon ng form at content —ang tambalan ng sining at data para pumukaw ng kamalayan ng pinakamalawak na audience. Sa huli, si Allen din ang nakaisip ng pangalan ng grupo: *Sandata*.

III.

*This content is no longer available.*

*The content you requested cannot be displayed right now. It may be temporarily unavailable, the link you clicked on may have expired, or you may not have permission to view this page.*

*--Facebook error prompt*

Sa simula ng proyekto, mayroon pang dalawang miyembro ang grupo: Isa pang manunulat at isang geographer. Kasama sila sa pagpaplano at sa unang mga panayam sa mga pamilya ng mga biktima. Nagsimula kaming magtrabaho sa lalong tumitinding karahasan ng Drug War.

Walang nagsabi na hindi ito delikado. Mahirap ang trabaho at nakakapraning. Kailangan maging masinop sa data. Kailangan secure at may end-to-end encryption ang mga chat logs at email namin. Minsan, nalaman namin na may nag-access ng Google Drive account kung saan namin inilalagak ang research. Ayon sa Google, 3AM nangyari ang pag-access ng impormasyon, mula sa isang IP Address sa Davao. Nilipat agad namin ang data sa ibang cloud storage.

Mabibigat din ang kuwento ng mga pamilya ng mga biktima, at hindi ka puwedeng umiyak sa harapan nila kundi maiiyak din sila. Patigasan muna ng puso habang nabibiyak ito sa hapdi ng mga kuwento ng ibang tao. Minsan, nakausap namin ang ilang mga baranggay captain sa Tondo na walang magawa tungkol sa patayan sa kanilang komunidad. Isang buong araw iyon. Pagkatapos, naupo kami ng mga researcher sa bangketa ng Roxas Boulevard habang sa paligid namin, sumisinghot ng rugby ang ilang grupo ng mga batang lansangan. Nakatulala naming pinanood ang paglubog ng araw sa Manila Bay.

Habang sumusulong ang proyekto namin, hindi rin nagpapahinga ang kalaban. Ipinakulong si Senador Leila de Lima sa hindi kapanipaniwalang kaso. Ipinatalsik si Chief Justice Lourdes Sereno at patuloy ang harassment sa ibang mga journalist at kilalang kritiko ng gobyerno.

“Hindi ka ba natatakot?” halos pabulong na tanong ng manunulat na kasama dapat sa grupo. Dalawa na lang kaming nag-iinuman sa kanto ng Kamuning na madalas daanan ng mga police mobile. Inaamin niya na nahihirapan siyang punan ang 2,000 na salita ng article na nakatoka sa kanya. Natatakot daw siya para sa sarili niya at para sa pamilya niya kung isusulat niya ang nalalaman niya.

Halos huling beses namin mag-usap noon. Pagkatapos ay nawala siya at ang geographer, parehong nakatanggap ng scholarship para sa graduate studies sa ibang bansa. Lumalabas sa Instagram feed ko ang magagandang litrato nila ng winter at fall sa malilinis at ligtas na mga siyudad sa Belgium at New Zealand. Ila-like ko ang mga litrato nila. Scroll down sa feed at bubulaga naman ang mga larawan ng crime scene sa Maynila mula sa Everyday Impunity account ng mga night shift photojournalist. Ila-like ko rin ang mga litratong iyon. Pantay-pantay ang halaga nating lahat sa algorithm ng internet.

IV.

Sandata *is the Filipino word for weapons or arms. Contrary to popular connotations, many indigenous Filipino cultures consider their weapons to be primarily for the defense of their communities and families. These are defensive and offensive tools that are cherished in tribes and passed down through generations to uphold the honor of their communities.*

*--Sandata Briefer*

Dumating sila, isa-isa, hanggang naging isang laksa. Naka-itim na mga t-shirt,

mahahaba ang mga buhok o kaya kalbo. Mga balbas-sarado. Itim na lipstick at manicure. May mga tato, hikaw sa tenga, ilong, o kilay. O kaya may kulay ang buhok. Mga kabataang bangungot ng mga nanay ninyo. Mukhang sumasamba kay Satanas. Nakatambay sila sa bar sa basement ng 24-hour Chinese restaurant, hinihintay magsimula ang palabas.

"Sabi ng nanay ko kanina, 'wag daw ako masyadong lumabas pag gabi," sabi ng isa habang naninigarilyo. "Mga kamukha ko raw ang itinutumba."

Pang-apat na ito sa serye ng mga fundraiser gig na inorganisa ng Sandata. Kung tutuusin, wala sa plano ang magkaroon ng ganitong event. Dagdag pa sa tambak nang trabaho. Pero sa tagal ng pagsasama at pakikipag-usap ng mga researcher sa mga pamilya ng mga biktima ng Tokhang, lumabas ang materyal na realidad—nananawagan sila para sa hustisya, pero ang kailangan nila ay makakain araw-araw at pamahal nang pamahal ang mga bilihin.

Wala naman din kaming pera. Wala kaming kayamanan kundi mabubuting intensyon. Bilang mga artist, ginawa namin ang tanging kaya naming gawin—manawagan sa mga kapwa artist at mag-organisa ng tugtugan. Lahat ng kikitain ay direktang magiging tulong-pinansyal para sa mga pamilyang kausap namin.

Wala kaming pera, paliwanag namin. Hindi mababayaran ang event venue at mga musikerong tutugtog. Kaya namin mag-abot ng pang-pamasahe, pero hanggang doon lang. Pasensya na.

Agad naman na pumayag ang ilang music collectives na kausap namin. Walang pag-aatubili maliban sa pagtanong ng ilang detalye—sigurado bang matutulungan ang mga pamilya? May programa ba para matiyak na di mawawaldas ang pera? Nang ipaliwanag namin ang lahat, agad nilang inayos ang mga detalye at ikinasa ang mga event.

Apat na grupo iyon: ang hiphop label ng NoFace Records, ang hardcore headbangers ng Sleeping Boy Collective, ang indie audience ng music blog na Flying Lugaw, at ang punk at metalheads ng Counterflow. Mga kabataan ng iba't ibang underground na subkultura, agad na kumilos nang binigyan ng pagkakataong makatulong.

"Sa lugar namin, tatlo sa mga kaibigan ko ang pinatay," sabi ng bokalista ng isang metal band sa mikropono sa hinga sa pagitan ng mga kanta. "Binaril sa kalsada. Pinatay sila ng gobyernong ito." Pagkatapos ay tumugtog sila ng kantang puro sigaw at pananangis ng gitara, musikang kasing bayolente ng panahon.

Sa gitna ng gig, laging binibigyan ng 20 minuto ang Sandata para magsalita sa harapan ng audience. May maikling Powerpoint presentation kami kung saan ipinapakita namin ang mga statistics: mahigit 27,000 na patay sa Metro Manila as of June 2018, habang ang full capacity ng Araneta Coliseum ay 17,000 lamang. Inilalarawan namin ang profile ng mga karaniwang biktima: lalaki, edad 20-40, breadwinner ng mga pamilyang may 3 hanggang 4 na anak. Ikinukuwento namin kung ano ang kinakaharap ng mga naiiwan nilang pamilya: may mga dalagitang pumasok sa prostitusyon, may lola na napilitang mamalimos para pakainin ang mga

apo, may estudyanteng nag-iipon ng pera para makabili ng baril dahil iyon lang ang nauunawaan niyang paraan para makamit ang katarungan.

Sa loob ng 20 minutong talk, tahimik ang audience na kanina lang ay sumisigaw at nagmo-moshpit. Taimtim nilang pinakikinggan ang mga kuwento ng lansangan. Mga kuwento ng mga ka-edad din nila, mga kasabay nilang kailangan mabuhay sa panahon na ito. Ito ang suliranin at lipunan na iiwan sa kanila ng gobyerno, at sila ang kailangan magkalas ng buhol na ito sa susunod na mga taon.

Sa mga gig at talk, walang puwang ang fake news ni Mocha Uson. Walang troll bots dito tulad sa internet, lahat ay tunay na tao. May ilang police intel na nagkukunwaring kasama ng audience. Madali lang silang makilala. Hindi nila matago ang tikas nila, at hindi nila gamay ang fashion ng mga subkultura. Pero basta magbayad sila ng entrance fee at hindi sila manggugulo sa programa, walang problema.

Sa pagitan ng pagtugtog ng mga banda, pinag-uusapan ng audience ang mga narinig, at nagdaragdag sila ng sarili nilang kuwento, o kuwento na narinig nila mula sa kamag-anak o kaibigan o kapitbahay. Kapag natapos ang palabas at tumigil ang huling alingawngaw ng musika, maghihiwa-hiwalay ang kabataang ito, babalik sa kanya-kanyang mga bahay. Kinabukasan at susunod pang mga bukas, baka mabanggit nila sa ibang kakilala ang mga narinig at napag-usapan sa gabing iyon. Baka mahuni nila ang mga kantang tinugtog noon. Baka magsabwatan din sila ng mga kaibigan nila at makaisip ng ibang paraan, ibang porma ng pagkilos at paglaban, ibang sandata sa panahon ng karimlan. Sa ganitong mga sandali nahahabi ang naratibo ng panahon.

V.

*In the dark times, will there also be singing?*

*Yes, there will also be singing*

*About the dark times.*

*--Bertolt Brecht, Motto*

Napapadalas ang pag-inom namin. Nakakapagod din kasi, pero halos walang panahon magpahinga. Hindi pa tapos ang isang aspeto ng proyekto, may bago na naman na ikakasa. May mangingimbita na mag-talk dito o doon. May bubukas na oportunidad na masasayang kung hindi kakagatin. Kailangan makipag-meeting. Kailangan planuhin nang mabuti. Dagdag pa rito ang sarili naming mga trabaho para mabuhay. Pero laban lang habang kaya. Minsan, nalilimutan namin na anim lang din kaming tao na kumikilos sa grupong ito.

Ako naman itong mahilig sa mga usapang lasing. Mga metaporikal na tanong na pampalipas-oras, pantimbang kung anong uri ng tao ang kainuman ko. “Bibigyan ka ng isang milyong piso, tax free, basta uminom ka ng isang shot glass ng katas ng Nepa Q Mart, gagawin mo?” o kaya “Huling gig bago magunaw ang mundo, pero isa lang ang pwede mong puntahan: Bon Jovi o Aerosmith?”

Minsan, tinanong ko sa Sandata kung anong gagawin nila kung pagkatapos ng 30 o 40 na taon, darating sa pamamahay nila ang anak o apo, may kasamang kaibigan. At sasabihin ng kaibigan na ito, “Hindi naman totoo ang Tokhang. Sabi ng mga magulang ko, mas maayos ang buhay dati.”

Napapamura sila, mapapangiwi na parang sinampal. Paano kung, pagkatapos pala ng lahat ng hirap, ng dugong dumalak, lahat ng sinabi at ginawa namin ay mauuwi lang sa wala? Wala pang sumasagot ng tuwid sa tanong ko.

Mayroon bang nagsusulat ng kasaysayan habang nangyayari ito? O sinusulat lang ang kasaysayan kapag tapos na, at ang tanging basehan ay ang ating memorya? Sinong makaka-alala sa daan-daang namatay kung ngayon pa lang ay statistics lang sila? Mayroon bang nagtatala sa bawat tangkang pagpiglas at pagtutol sa kumakalat na kadiliman?

Mas madalas pang mag-field trip ang mga estudyante sa mall kaysa sa Bantayog ng mga Bayani. Ang wax figure mismo ni Marcos ay nasa Libingan ng mga Bayani. Aktibo pa rin sa pulitika ang mga anak ng diktador, at may mga kabataang naniniwala na mas maulad ang panahon na iyon. Paano kapag ang panahon naman natin ang nabaon sa limot?

Habang isinusulat ko ang sanaysay na ito, nabubuo na rin ang *Kolateral,* isang music album na ilalabas namin nang libre sa internet. Mayroon itong 12 na kanta mula sa iba't ibang mga musikero, iba't ibang genre. Ang bawat kanta ay batay sa tunay na mga datos at naratibo ng Drug War. May ballad tungkol sa magkasintahang 17 at 18 years old, parehong pinatay ng mga nakamaskarang salarin at magkatabing inilibing. May rap song tungkol sa kaso ni "Alyas Boy" na nasa drug watch list, pero limang ibang Alyas Boy ang napatay bago mahanap ang tunay na target. May kanta tungkol sa OFW na nanay na nabalitaang napatay ang kanyang anak sa Pilipinas. Kailangan

niyang magmakaawa at halikan ang paa ng among Arabo para makauwi. Nang makita niya ang kabaong ng anak, niyakap niya ito at sinabing “Anak, nandito na si nanay.” Marami pang ibang kuwento, pero sa proyektong ito, 12 na kanta lang ang kayang pigain sa mga puso naming ngalay na sa bigat .

Isinusulat ko ang sanaysay na ito hindi para ipagmayabang ang mga ginagawa namin. Kung titingnan ang *big picture*, hindi matitibag ng pagsisikap namin ang bundok ng pasismo at karahasan. Hindi mababawi ng ilang kanta ang libu-libong buhay na kinitil. Walang mahahanap na katarungan sa mga pahina ng research paper. Baka nagsasayang lang kami ng pagod at panahon.

Isinusulat ko ito dahil hindi ko alam kung paano nasusulat ang kasaysayan. Sakaling masasamang-loob nga ang apat na lalaki na sakay ng owner jeep sa daan paakyat ng Itogon at pinatay kaming lahat sa gabing iyon, may makapagkukuwento ba ng mga nagawa namin?

Isinusulat ko ito para pagdating ng anak o apo ko, dala ang kaibigan niyang tanga na magsasabing hindi totoo ang Tokhang, may ipangsasampal ako sa kanya. Sampal na may form at content, humuhugot ang lakas mula sa ilang libong pinagkaitan ng buhay at hustisya.

Kapag tinanong ng susunod na mga salinlahi kung ano ang ginawa namin sa malagim na panahoan ng isinumpang bayang ito, hindi kami matatameme. May ginawa kami. Hindi man namin mapasiklab ang sulo, kumanta kami at nangapa, hinanap ang isa’t isa sa dilim. #